

BAYANI SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang COVID-19 ay patuloy na malubhang banta sa buong estado at bansa, lalo na sa mga nasa harap na manggagawa na tagapangalaga ng kalusugan (frontline healthcare workers). Sa California, mahigit sa 17,000 na healthcare workers ang nahawaan ng COVID-19, na may 100 ang namamatay dahil sa sakit. Bilang mga healthcare workers, namumuno tayo sa ating estado at bansa sa pandemic na ito — at hinihingi natin ang mga karapatang protektahan ang sarili natin, ang ating mga pamilya, ang ating mga pasyente, at ang ating mga komunidad mula sa impeksyon.

HINIHINGI NATIN ang mga kinakailangang personal protective equipment (PPE) para sa lahat ng mga manggagawa sa ating pasilidad

- Lahat ng mga healthcare workers — pati ang mga taga-silbi at teknikal na manggagawa — ay may karapatan na makakuha ng lahat ng mga kinakailangang PPE at ang patakaran ng pasilidad ay dapat garantiyahan ang karapatang ito.
- Ang ating pasilidad ay may 30-araw na supply ng PPE na magagamit, kabilang ang N95 respirators, mga face masks, mga isolation gowns, proteksyon sa mata, mga takip sa mukha, at gwantes.
- Ang “transparency” (matuwid at walang itinatago) mula sa management tungkol sa patakaran sa pagbabahagi ng PPE at ang patuloy na tugon ng mga manggagawa ukol sa pagiging epektibo nito.
- Ang patuloy na pagsasanay at muling pagsasanay ng lahat ng mga manggagawa sa patakaran sa PPE at mga protokol, kabilang ang ligtas na pagsuot at paghubad ng PPE.
- Paghihiwalay kaugnay ng pag-iingat sa pagkalantad sa kapaligiran pati na ang N95 respirator masks/PAPRS/CAPRS sa lahat ng malapit na pakikipag-ugnayan sa mga nakumpirma o pinaghihinalang pasyente na may COVID 19 at para sa lahat ng mga staff na naroroon habang ginagawa ang mga pamamaraang “aerosolized” (mga pamamaraan kung saan may posibilidad na tumalsik ang virus sa hangin/kapaligiran).

HINIHINGI NATIN na ang ating pasilidad ay mabisang pangalagaan laban sa pagkahawa sa labas

- Ang ating pasilidad ay nagpapanatili ng mahigpit na kontroladong pagpasok, pagkuha ng mga temperatura, at pagsusuri ng mga sintomas ng lahat na nais pumasok sa pasilidad.
- Walang papapasukin sa ating pasilidad na sinumang walang takip sa mukha.
- Ang mga lugar kung saan ang mga COVID-19 na pasyente at ang mga pasyenteng sinusuri are inihiwalay at ang mga ito ay may malinaw na karatula.
- Paglalagay ng mga plexiglass barriers sa lahat ng mga bintana kung saan may pakikipag-ugnayan sa publiko.
- Pinahusay na pagdidisimpekto ng mga ibabaw ng malakas na EVS staffing para siguruhin ang sanitasyon.
- Pisikal na paglalayo ay ipatutupad sa kabuuan ng pasilidad sa abot ng kakayahan.
- Ang pagsusuri sa mga pasyente bago sumapit ang kanilang nakatakdang iskedul ng procedures.



HINIHINGI NATIN ang mga protokol na ligtas para sa lahat ng mga manggagawa na lantad sa COVID-19

- Agarang paunawa sa mga empleyado na maaring nalantad sa COVID 19.
- Walang kawalan ng sahod, leave time, mga benepisyo, o seniority sa sinumang manggagawa na na-kwarantina dahil sa pagkalantad sa trabaho.
- Ang mga nalantad na empleyado na tinuruan kung paano nila po-protektahan ang kanilang pamilya laban sa impeksyon, binigyan ng PPE para protektahan ang ating pamilya, at inalok ng akomodasyon sa mga otel para protektahan ang mga miyembro ng ating pamilya.
- Ang buong pagsunod sa batas ng estado (AB1867) na nangangailangan na ang mga employer ng mga nangangalaga sa kalusugan ay magbigay ng hanggang 80 oras ng karagdagang bayad na sick leave sa mga manggagawa na hindi makapag-trabaho dahil sa impeksyon o pagkalantad sa COVID-19.
- Agarang testing sa lahat ng mga nalantad na empleyado at ang access sa regular na testing para sa lahat ng mga healthcare workers.

HINIHINGI NATIN ang ligtas na bilang ng tauhan sa kabuuan ng panahon nitong pandemic

- Walang layoffs, furloughs, o iba pang pagbawas sa mga oras ng mga manggagawa ang ipatutupad.
- Masigasig na pagtatalaga ng mga tauhan para siguruhin na ang mga pasyente ay maaalagaan at ang mga manggagawa ay ligtas.
- May relief staffing para siguruhin na ang mga caregiver ay makapag-bakasyon at makapagpahinga.

HINIHINGI NATIN ang malakas na suporta sa staff mula sa management

- Patakaran sa pag-protekta sa mga high-risk staff, tulad ng mga mas matanda sa 65 na taong gulang, may hika, o kung hindi naman ay immunocompromised (mahina ang immune system).
- Patakaran sa pag-aalis ng mga empleyadong buntis sa direktang pakikipag-ugnayan sa mga pasyenteng may COVID-19.
- Mga resources para tulungan ang mga empleyado sa kanilang problema sa pangangalaga ng bata.
- Pagdagdag ng mga resources para sa kalusugan ng isip para suportahan ang mga healthcare workers na nakakaranas ng lubos na kapaguran, trauma, at pagkabahala.

HINIHINGI NATIN ang respeto sa ating pagsasapalaran ng ating buhay para labanan ang pandemic na ito

- Buong proteksyon ng ating trabaho, suweldo, at mga benepisyo.
- Isang malakas na boses ng manggagawa sa lahat ng mga protokol, plano, at desisyon ukol sa mga hakbang sa kalistasan kaugnay ng COVID-19.
- Regular na komunikasyon mula sa management ng ospital sa maraming pagtitipon para magbigay ng mga update, patatagin ang mga protokol sa pag-iingat, at sa paglaban sa mga maling impormasyon.
- Ang karapatang magsalita at ipaglaban ang kaligtasan ng ating mga pasyente at kapwa manggagawa na walang kinatatakutang paghihiganti.